


Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikaapat na Markahan – Modyul 1:
Mga Pansariling Salik sa Pagpili ng Tamang
Kursong Akademiko o Teknikal-
Bokasyonal, Sining at Isports, Negosyo o
Hanapbuhay**



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Mga Pansariling Salik sa Pagpili ng Tamang
Kursong Akademiko o Teknikal-Bokasyonal, Sining at Isports, Negosyo o
Hanapbuhay
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Riza A. Penaso

Editor: Vicente Jose V. Suarez, II, Evelin E. Luzarita

Tagasuri: Jephone P. Yorong

Tagaguhit: Edgardo P. Jamilar, Jr.

Tagalapat: Peter A. Alavanza, Eljun A. Calimpusan

Tagapamahala: Isabelita M. Borre, Eugenio B. Penales, Sonia D. Gonzales,
Felix Romy A. Triambulo, Ella Grace M. Tagupa, Jephone P. Yorong

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikaapat na Markahan – Modyul 1:

Mga Pansariling Salik sa Pagpili ng
Tamang Kursong Akademiko o
Teknikal-Bokasyonal, Sining at
Isports, Negosyo o Hanapbuhay

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa nakaraang modyul ay natutunan mo ang pagsunod sa mga hakbang upang matupad ang mga itinakdang gawain gamit ang iyong kasipagan at kapunyagian. “Handa ka na ba,” para sa susunod na mga gawain upang matugunan ang iyong minimithi sa buhay? Halika’t ating pag-aralan ang mga hakbang tungo sa iyong pagpili ng track o kurso sa pagtuntong mo sa Senior High School (Baitang 11 at 12)

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

13.1 Nakikilala ang mga pagbabago sa kanyang talento, kakayahan at hilig (mula Baitang 7) at naiuugnay ang mga ito sa pipiliing kursong akademiko, teknikal-bokasyonal, sining at palakasan o negosyo. (EsP9PK-IVa-13.1)



Subukin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat aytem. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

- 1.) Alin sa sumusunod na pansariling salik na dapat pagbatayan sa pagpili ng kurso na may kinalaman sa iyong kahusayan o galing sa isang bagay o tiyak na abilidad na maaari mong matuklasan mula sa pakikiharap sa mga taong nakakasalamuha, paglutas ng mga mahihirap na bagay, at pagbubuo ng masistemang paraan sa pagkuha ng datos?
 - a. Hilig
 - b. Pagpapahalaga
 - c. Kakayahan
 - d. Talento

- 2.) Sa teoryang Multiple Intelligences ni Dr. Howard Gardner (1983), ang lahat ng tao ay may angking likas na kakayahan, iba’t iba ang talino o talento. Bilang na sa Baitang 9, ano ang pinakamahalagang gampanin na dapat mong gawin sa mga talino o talentong ipinagkaloob sa iyo na may kaugnayan sa pagpili mo ng nais na kurso sa pagtuntong mo sa Senior High School?
 - a. Pahalagahan at paunlarin
 - b. Pagtuunan ng pansin at palaguin
 - c. Paunlarin para sa sarili at ibahagi para sa kabutihang panlahat
 - d. Tuklasin at gamitin sa pagpapayaman mula sa tinapos na kurso

- 3.) Ano ang dapat na maging aksyon mo sa panahong ikaw ay naguguluhan pa sa mga pagpipiliang kurso para sa nalalapit na Senior High School?
- Makinig sa mga gusto ng kaibigan
 - Huminto muna at sa susunod na taon na lamang mag-aral
 - Magbasa at maglaan ng panahon na makapag-isip at magplano
 - Humingi ng tulong sa mga taong malapit sa iyo at umasa sa kanilang desisyon
- 4.) Bata pa lamang si Cecil ay may interes na sa pagbabasa ng mga Educational book, kasabay din nito ang pagguhit at minsang pagsusulat. Lalo niya itong napaunlad sa pagsali sa mga paligsahan sa loob at labas ng paaralan. Kaya sa pagdating ng pagpili ng kurso ay hindi siya nahirapan dahil alam na niya ang magiging linya ng kaniyang propesyon, ang maging Journalist. Alin sa mga sumusunod na pansariling salik ang naging daan upang makamit ni Cecil ang tagumpay ng kaniyang piniling hanapbuhay?
- kakayahan
 - mithiin
 - hilig
 - pagpapahalaga
- 5.) Nakasanayan na ni Melchor ang pagsasaayos at pagsisinop sa mga kasangkapan at kagamitan sa bahay. Kaya naisip niya na mag-aaral ng kursong Engineering sa Unibersidad ng Dapitan. Anong pansariling salik ang isinaalang-alang ni Melchor sa kaniyang naging desisyon sa kursong kukunin sa kolehiyo?
- katayuang pinansyal
 - pagpapahalaga
 - mithiin
 - kakayahan
- 6.) Alam ni Diane ang kaniyang galing at husay pagdating sa Matematika. Ang kahusayan niya sa pagkalkula ay namana niya sa kaniyang ama. At ang kaniyang determinasyon at pagtitiyaga ay nakuha naman niya sa kaniyang ina. Apat na buwan bago ang kanilang pagtatapos sa *Junior High* (Baitang 10) ay mayroon na siyang ideya kung ano ang kaniyang pipiliing kurso. Suportado din siya ng kaniyang mga magulang lalo pa't bukas siya pagdating sa komunikasyon sa mga nais niyang kuning propesyon. Anong pansariling salik ang naging tuntungan niya sa pagpili ng kurso?
- mithiin
 - pagpapahalaga
 - kasanayan
 - hilig
- 7.) Alin sa mga sumusunod na paraan ang mainam gamitin upang tuklasin ang sariling talento dahil ito ay nakaangkla sa teorya ni Dr. Howard Gardner?
- RIASEC
 - Tseklist ng mga Kasanayan
 - Pagsusuri ng Pagpapahalaga
 - Multiple Intelligences Survey Form

- 8.) Sa Multiple Intelligences Survey form, matutukoy mo ang iyong talento at kakayahan. Alin sa sumusunod ang HINDI kabilang sa mga talino o intellegences?
- Spatial
 - Existentialist
 - Auditory
 - Kinesthetic
- 9.) Ang RIASEC ay isang paraan upang matukoy ang Hilig ng isang tao kung saan ang R ay Realistic, I ay Investigative, A ay Artistic, S ay Social, at E ay Enterprising, Ano naman ang kinakatawan ng titik C?
- Conventional
 - Cooperation
 - Conference
 - Caring
- 10.) Ang kakayahan ay isa sa pinakamahalagang salik sa pagpili ng track o kurso. Alin sa mga sumusunod ang HINDI kabilang sa Tseklis batay sa Uri ng Kakayahan.
- Kakayahan sa Pakikiharap sa Tao
 - Kakayahan sa mga Datos
 - Kakayahan sa mga Bagay-bagay
 - Kakayahan sa mga solusyon sa problema

Aralin

1

Mga Pansariling Salik sa Pagpili ng Tamang Kursong Akademiko o Teknikal-Bokasyonal, Sining at Isports, Negosyo o Hanapbuhay

“Handa ka na ba?” ang malimit na tanong ng taong hinihintay ang iyong paghahanda sa isang gawain. Madalas ito rin ang linya ng iyong guro bago ang pagsusulit o di kaya naman, ito ay nasasambit ng isang Game Master sa kanyang contest bago magsimula ang kompetisyon o laro. Kawili-wiling tanong ngunit nakakagulat kung paano ito sasagutin nang mabilisan. Ikaw, handa ka na rin bang pumili ng nais mong kurso sa pagtuntong mo sa Senior High School (Baitang 11 at 12)? Ito na ang huling markahan bago magtapos ang iyong taon sa Baitang 9, ngunit bago ito mangyari, kailangan mo munang magpasya at pumili para sa iyong sarili kung ano ang nais mong kuning kurso. Nais mo bang masagot ang mga tanong na iyan nang sigurado ka at nang walang alinlangan? May mga dapat bang pagbatayan sa mga pagpili mong ito, o sapat na bang makinig na lamang at umasa sa mga taong nakapaligid sa iyo? Ang mga tanong na iyan ay malinaw na sasagutin at ipaliliwanag sa iyo ng modyul na ito kasama na ang susunod na tatlo pang bahagi ng markahang ito. Ang mga kaalaman na makukuha mo rito ang magsisilbing unang hakbang patungo sa direksyong minimithi mo at ang pangarap ng mga taong sa iyo ay nagtitiwala.

Inaasahang masasagot mo ang mga pinakamahalagang tanong pagkatapos ng modyul na ito: Bakit mahalagang tugma ang mga pansariling salik sa mga pangangailangan (requirements) sa napiling kursong Akademiko, Teknikal-Bokasyonal, Sining at Isports, Negosyo o Hanapbuhay daan upang magkaroon ng makabuluhang hanapbuhay o negosyo at matiyak ang pagiging produktibo at pakikibahagi sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa?



Balikan

“Oras na! ... Time na!”

Ito ang mga katagang naririnig natin bilang hudyat ng simula o katapusan ng isang gawain. Muling alalahanin ang iyong napag-aralan sa mga nakaraang modyul at buong-husay na sagutin ang mga sumusunod sa iyong kwaderno.

1. Ano ang nais ipabatid ng pahayag na ito, “Ang oras ay kaloob na ipinagkatiwala sa tao.”

2. Bakit mahalagang malaman at maisagawa ang paraan ng pamamahala sa paggamit ng oras?

3. Ano ang natuklasan mo sa iyong paraan ng pamamahala sa paggamit ng oras?

4. Bakit mahalaga ang pagkakaroon at pagsunod sa iskedyul sa paggawa? Patunayan.

5. Gaano kahalaga na masimulan ang bawat Gawain sa tamang oras? Patunayan.

6. Ano ang maitutulong ng prayoritasyon sa iyong paggawa? Ipaliwanag.

7. Paano mapagtatagumpayan ang pagpabukas-bukas ng mga gawain o mañana habit? Magbigay ng halimbawa.

8. Bakit kailangan ang pamamahinga, paglilibang, at pagkakawanggawa sa iyong buhay-paggawa? Patunayan.

9. Bakit mahalaga ang pagtatakda ng tunguhin sa paggawa at ano ang mabisang paraan sa pagbuo nito?

10. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa iyong pag-unlad bilang tao?



Mga Tala para sa Guro

Magandang araw sa iyo. Kumusta ka? Muli na naman tayong magkakasama. Inaasahan kong natulungan ka ng mga naunang modyul na ginawa ko para sa iyo. Muli, naghanda na naman ako ng modyul na tutulong sa iyo upang tuklasin ang iyong mga pansariling salik sa pagpili ng tamang kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, sining at isports, negosyo o hanapbuhay.



Tuklasin

Gawain 1

Naaalala mo pa ba ang mga natukoy mong track o kurso noong nasa Baitang 7 ka? Ano-ano ito? Mula sa pagbabalik-tanaw mo, dalawang taon mula ngayon, may mga pagbabago kaya sa iyong talento, kakayahan at hilig? Gayundin sa nais mong kuning track o kurso sa pagtuntong sa Senior High School?

Nasa unang hakbang ka ngayon ng pagpapalano sa iyong kukuning kurso, ang pagsusuring pansarili (self-assessment). Binubuo ito ng pagtingin, pagsusuri at pag-unawa sa iyong sarili. Maaari mo itong gamiting batayan upang malaman kung tama o angkop ang kurso o trabaho na nais mong kuhanin, o kung nasa ibang direksyon o linya ng trabaho ang nararapat sa iyo.

Gawin muli ang sumusunod na pagsusuri upang matukoy kung nagkaroon ng pagbabago sa iyong pansariling salik noong nasa Baitang 7 ka at ngayong ikaw nasa Baitang 9 na. Upang matulungan kang mapadali ang pagsagot sa mga gawain sa ibaba, ating muling isa-isahin at bigyang-kahulugan ang mga pansariling salik na dapat pagbatayan sa pagpili ng kurso o *track*.

- a. Talento- Isang pambihira at likas na kakayahan ng tao.
- b. kakayahan- ito ay maiuugnay sa salitang abilidad.
- c. Hilig- nasasalamon ito sa mga paboritong gawain o gusto mo at buo ang iyong puso.
- d. iba pang salik... tulad ng pagpapahalaga at mithiin.

Mula sa aklat na Edukasyon sa Pagpapakatao 9, Modyul para sa Mag-aaral, na isinulat nina: Sheryll T. Gayola, et. al.

Matapos mong malaman ang iba't-ibang salik na dapat pagbatayan sa pagpili ng kurso o track, ngayon ay handa ka ng gawain ang mga pagsusuring gawain sa ibaba. Mahalagang maunawaan na ang pagsagot ng may katapatan sa pagsusuring ito ay higit na makapagbibigay gabay sa iyo.

Naalala mo pa ba ang mga natukoy mong track o kurso noong nasa Baitang 7 ka? Ano-ano ito? Mula sa pagbabalik-tanaw mo, dalawang taon mula ngayon, may pagbabago kaya sa iyong talento, hilig, kasanayan (*skills*), pagpapahalaga at mithiin?

Panuto: Tuklasin mo ang iyong mga talento. Punan ang Multiple Intelligences (MI) Survey form (McKenzie, 1999) sa ibaba. Isulat mo sa kuwaderno ang iyong sagot sa bawat aytem ng MI Survey Form. Inaasahang sasagutan ito ng may katapatan at lubos na pagsusuri sa sarili.

Multiple Intelligences Survey Form (Copyright 1999 Walter McKenzie)						
Tinatayang ang konseptong ito ay binubuo upang palawakin ang tradisyunal na pag-unawa natin sa sinasabing katalinuhan ng mga mag-aaral. (mula sa <i>google slideshare.net/mobile/Tonieolver24</i>)						
Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Isulat ang bilang 1 hanggang 90 sa bandang kaliwa ng iyong kuwaderno sa Edukasyon sa Pagkakatao. Gabay ang legend sa ibaba, isulat ang bilang na naglalarawan sa iyong sarili. Maging tapat sa iyong sagot sa bawat bilang. Huwag kang mahihiya kung Hindi (0) o Bihira (1) ang sagot mo sa ilang bilang.						
Unang Bahagi. Sagutan ang sumusunod na aytem ayon sa kaangkupan sa iyo. Lagyan ng tsek (✓) ang bilang ng kaukulang pagpipilian.						
Legend: 4 – Palagi 3 – Madalas 2 – Paminsan-minsan 1 – Bihira 0 - Hindi						
No. (bilang)	Kaangkupang Aytem	4	3	2	1	0
1	Pinanatili kong malinis at maayos ang aking mga gamit.					
2	Nasisiyahan akong magbasa ng iba't ibang babasahin.					
3	Nakabubuo ako ng ideya sa pamamagitan ng isip.					
4	Madali akong makasunod sa mga abstract patterns					
5	Nasisiyahan akong gumawa ng mga bagay sa pamamagitan ng aking mga kamay.					
6	Natututo ako nang lubos kapag nakikipag-ugnayan ako sa iba.					
7	May kamalayan ako sa aking paniniwala o pagpapahalagang moral.					
8	Nasisiyahan akong pagsama-samahin ang mga bagay batay sa kanilang pagkakatulad.					
9	Malaki ang naitutulong sa akin kung ang mga panuto ay isa-isang ipapaliwanag.					
10	Malaki ang naitutulong sa aking memorya at pang-unawa kung inilista ang mahahalagang bagay.					
11	Nasisiyahan akong mag-ayos ng silid.					
12	Nabibigyang-pansin ko ang tunog at ingay					
13	Mahirap para sa akin ang umupo nang matagal sa loob ng mahabang oras.					
14	Mas masaya ako kapag maraming kasama.					
15	Higit na natututo ako kapag malapit sa aking damdamin ang isang asignatura.					
16	Mahalaga sa akin ang mga isyung ekolohikal o pangkapaligiran.					
17	Madali para sa akin ang lumutas ng mga suliranin.					
18	Nakikipag-ugnayan ako sa aking mga kaibigan sa pamamagitan ng sulat, e-mail, texting (cellphone), telepono at mga social network sites.					

19	Nasisiyahan akong gumamit ng iba't ibang uri ng pamamaraang pansining.					
20	Madali sa akin ang sumunod sa wastong galaw.					
21	Gusto ko ang larong panlabas (outdoor games).					
22	Higit na marami akong natutuhan sa pangkatang pag-aaral.					
23	Ang pagiging patas (fair) ay mahalaga para sa akin.					
24	Ang klasipikasyon o pag-uuri ay nakatutulong upang maunawaan ko ang mga bagong datos.					
25	Madali akong mainis sa mga taong burara.					
26	Ang mga word puzzles ay nakalilibang.					
27	Nag-eejoy ako sa lahat ng uri ng mga entertainment media.					
28	Nasisiyahan ako sa paglikha ng musika.					
29	Hilig ko ang pagsasayaw.					
30	Mas natututo ako kung may kahalagahan sa akin ang isang asignatura.					
31	Madalas akong maging pinuno ng pangkat sa aming mga magkakaibigan o magkaklase.					
32	Nasisiyahan ako sa paggawa sa hardin.					
33	Madali sa akin ang paglutas ng mga suliranin.					
34	Ang pagsulat ay nakatutulong sa akin upang matandaan at maintindihan ang itinuro ng guro.					
35	Ang mga tsart, graphs, at mga talahayan ay nakatutulong sa akin upang maunawaan at maipaliwanag ang mga datos.					
36	Nasisiyahan ako sa mga tula.					
37	Para sa akin, ang pagpapakita at pagpaparanas ay mas mainam kaysa sa pagpapaliwanag lamang.					
38	Mahalaga sa akin ang pagiging parehas.					
39	Mas mahalaga sa akin ang pakikipag-ugnayan kaysa sa pag-iisip.					
40	Naniniwala akong mahalaga ang pangangalaga sa ating mga parke at pambansang pasiyalan.					
41	Masaya ang lumutas ng mga logic puzzles.					
42	Hindi ako nagpapabaya sa pakikipag-ugnayan sa aking mga kaibigan sa sulat, e-mail, o text.					
43	Ang music video ay mas nakapagpapaigting ng aking interes sa isang kanta.					
44	Natatandaan ko ang mga bagay kapag nilalagyan ko ito ng ritmo.					
45	Ang paggawa ng mga bagay sa likhang sining ay nakalilibang at nakapagpapalipas ng oras.					
46	Nakasisiya ang mga talk show sa radyo at telebisyon.					
47	Ang paggawa nang nag-iisa ay produktibo rin na tulad ng pangkatang gawain.					
48	Mahalaga sa buhay ko ang mga hayop.					
49	Hindi ako nakapagsisimulang gumawa ng takdang-aralin hangga't hindi nasasagot ang aking mga tanong.					
50	Nasisiyahan akong gumawa ng liham.					
51	Nagdudulot sa akin ng labis na kasiyahan ang mga three-dimensional puzzle.					
52	Mahirap mag-isip habang nanonood ng telebisyon o nakikinig sa radyo.					
53	Ang pagpapahayag sa pamamagitan ng sayaw ay magandang ipakita sa publiko.					
54	Ako ay team player.					

55	Mahalagang malaman ko kung bakit kailangan kong gawin ang isang bagay bago ko ito gawin.					
56	May pamaraan ng pagreresiklo sa aming bahay.					
57	Nakatutulong sa akin ang pagpapalano upang magtagumpay sa isang gawain.					
58	Nasisiyahan akong maglaro ng mga salita tulad ng scrabble.					
59	Ang mga music video ay gumigising (nakakapagpasigla) sa akin.					
60	Nasisiyahan akong pakinggan ang iba't ibang uri ng musika.					
61	Nais kong magtrabaho na gamit ang iba't ibang kasangkapan.					
62	Hindi ko nais magtrabaho nang nag-iisa.					
63	Kapag naniniwala ako sa isang bagay, ibibigay ko nang buong-buo ang aking isip at lakas.					
64	Nasisiyahan akong mag-aaral ng Biology, Botany, at Zoology.					
65	Kasiya-siya para sa akin ang magtrabaho gamit ang computer.					
66	Interesado akong matutuhan ang mga hiram na salita.					
67	Naaalala ko ang mga bagay kung ilalarawan ko ito sa aking isip.					
68	Ang mga musical ay higit na nakagaganyak kaysa mga drama.					
69	Aktibo ang aking pamamaraan ng pamumuhay.					
70	Masaya ang paglahok sa mga gawaing extra-curricular.					
71	Nais kong makilahok sa mga gawaing tumutulong sa kapuwa.					
72	Mahabang oras ang ginugugol ko sa labas ng bahay.					
73	Kailangang may kabuluhan ang isang bagay o Gawain upang magkaroon ako ng kasiyahan dito.					
74	Nais kong makilahok sa mga debate at pagsasalita sa harap ng publiko.					
75	Mahusay akong bumasa ng mga mapa at plano.					
76	Madali para sa akin na makaalala ng letra o liriko ang awitin.					
77	Higit akong natututo kung ako mismo ang gagawa.					
78	Binibigyang-pansin ko ang mga isyung panlipunan.					
79	Handa akong magreklamo o lumagda ng petisyon upang iwasto ang isang kamalian.					
80	Nasisiyahan akong magtrabaho sa lugar na maraming halaman.					
81	Mahalaga na alam ko ang bahaging ginagampanan ko sa kabuuan ng isang bagay.					
82	Nasisiyahan akong talakayin ang mga makabuluhang tanong tungkol sa buhay.					
83	Mahalaga sa akin ang relihiyon.					
84	Nasisiyahan akong magmasid ng mga likhang-sining.					
85	Mahala sa akin ang pagninilay at pagpapahinga.					
86	Nais ko ang maglakbay sa mga lugar na nakapagbibigay ng inspirasyon.					
87	Nasisiyahan akong magbasa ng isinulat ng mga kilalang pilosopo.					
88	Mas madali para sa akin ang matuto kung nakikita ko kung paano ito inilalapat sa buhay.					
89	Nakamamanghang isipin na sa daigdig ay may iba pang nilikhang may angking talino.					
90	Mahalaga sa akin na madama na ako ay kaugnay ng mga tao, ideya, at mga paniniwala.					

Ngayon, ilipat mo ang iyong mga sagot sa angkop na kahon sa ibaba.

Intelligences	Item										Total
Logical/ Mathematical	1	9	17	25	33	41	49	57	65	73	
Verbal/ Linguistic	2	10	18	26	34	42	50	58	66	74	
Visual/ Spatial	3	11	19	27	35	43	51	59	67	75	
Musical/ Rhythmic	4	12	20	28	36	44	52	60	68	76	
Bodily/ Kinesthetic	5	13	21	29	37	45	53	61	69	77	
Intrapersonal	6	14	22	30	38	46	54	62	70	78	
Interpersonal	7	15	23	31	39	47	55	63	71	79	
Naturalist	8	16	24	32	40	48	56	64	72	80	
Existentialist	81	82	83	84	85	86	87	88	89	90	

Isulat dito ang *intelligence* kung saan ka nakakuha ng pinakamataas na iskor.

1. _____
2. _____
3. _____

Ikalawang Bahagi (Kakayahan)

Panuto: Ang Kakayahan ay isa sa mga pinakamahalagang salik sa pagpili ng track o kurso. Bilang indibidwal na unti-unting namumulat sa mundo ng paggawa, mahalang magkaroon ka ng kaalaman kung ano ang mga kakayahan ay kaya mo nang gawin o kailangan pang paunlarin. Ang tseklist sa ibaba ay isang pamamaraan ng pagsusuri sa iyong mga kakayahan. Mahalagang maunawaan mo na ang pagsagot ng tapat sa pagsusuring ito ay higit na makapagbibigay gabay sa iyo. Gawin sa kuwaderno.

Tseklist ng mga Kakayahan

Ang tseklist na ito ay isang pamamaraan ng pagsusuri sa iyong mga kasanayan. Mahalagang mauunawaan mo na ang pagsagot ng tapat sa pagsusuring ito ay higit na makapagbibigay gabay sa iyo.

	Kakayahan	Kayang gawin	Kailangang paunlarin
1	Pangunguna sa mga gawaing pampaaralan o pampamayanan		
2	Pakikisalamuha sa iba't ibang tao		
3	Pagtuturo sa kabataan		
4	Nakikilahok sa mga gawaing may kinalaman sa pagtulong sa mga nangangailangan		
5	Pagsasaliksik sa mga isyu sa lipunan		
6	Pagpapalano ng mga gawain		

7	Pagbibigay at pagwawasto ng pagsusulit		
8	Pag-aanalisa ng mga dokumento		
9	Pag-oorganisa ng mga datos		
10	Pagkukumpuni ng mga sirang gamit		
11	Pagmamaneho		
12	Paggamit ng mga makina at iba pang mga kagamitang pang-konstruksiyon		
13	Pagbuo ng mga gusali at iba pang istruktura		
14	Pagsasaayos at pagsisinop ng mga gamit sa bodega, warehouse, at iba pa		
15	Pagtutuos (computation)		
16	Pag-eksperimento sa syentipikong pamamaraan		
17	Pagpapaunlad ng mga inobasyon at makabagong pamamaraan ng pananaliksik		
18	Pagtuklas ng mga makabagong teknolohiya		
19	Pagbibigay kahulugan sa mga pag-aaral at eksperimento		
20	Pagpapaliwanag sa pagkakaugnay-ugnay ng mga bagay o pangyayari		

	Uri ng kakayahan	Kayang Gawin	Kailangang Paunlarin
1-5	Kakayahan sa Pakikiharap sa Tao		
6-10	Kakayahan sa mga Datos		
11-15	Kakayahan sa mga Bagay-Bagay		
16-20	Kakayahan sa mga Ideya at Solusyon		

Ikatlong Bahagi (Hilig)

Panuto: Ang sumusunod ay nagpapakita ng iba't ibang hilig. Alin sa mga ito ang gustong-gusto mong gawin? Lagyan ng tsek (✓) ang kahon na nagtataglay ng iyong gustong gawin. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Sa Acronym na RIASEC ay: **R**-Realistic; **I**-Investigative; **A**-Artistic; **S**-Social; **E**-Enterprising; **C**-Conventional.

		R	I	A	S	E	C
1	Mga gawaing may kaugnayan sa mga sasakyan	✓					
2	Paglalaro ng puzzle		✓				
3	Paggawa ng Gawain mag-isa			✓			
4	Paggawa ng Gawain kasama ang iba				✓		
5	Mangarap at magplano					✓	
6	Isaayos ang gamit at ilagay sa lalagyan ang mga ito						✓
7	Magkumpuni ng mga kung ano-anong bagay	✓					
8	Magbasa ng mga babasahing may kaugnayan sa sining			✓			
9	Gawin ang isang bagay ayon sa tamang pamamaraan						✓
10	Inimpluwensiyahan at himukin ang ibang tao					✓	
11	Gumawa ng eksperimento o pag-aaral		✓				
12	Tinuruan at sinanay ang ibang tao				✓		
13	Tulungan ang ibang tao sa kanilang problema				✓		
14	Mag-alaga ng hayop	✓					
15	Magtrabaho ng higit sa walong oras						✓

16	Magbenta ng iba't ibang bagay						
17	Malikhaing pagsusulat						
18	Gawaing may kaugnayan sa agham						
19	Magluto						
20	Iniisip kung ano ang pwedeng mangyari sa isang bagay						
21	Nakikinig at inuunawa ang bawat panuto						
22	Tumugtog at umawit						
23	Mamasyal sa iba't ibang lugar						
24	Mag-isip ng pagkakakitaan						
25	Umarte sa teatro						
26	Gawaing ginagamitan ng mga tools						
27	Gawaing may kaugnayan sa bilang o numero						
28	Pag-usapan ang iba't ibang isyu						
29	Magsaayos ng mga dokumento						
30	Manguna o mamuno						
31	Gawaing panlabas (outdoor activities)						
32	Gawaing pang-opesina						
33	Gawaing pang-matematika						
34	Tulongan ang nangangailangan						
35	Gumuhit						
36	Magtalumpati						
Kabuuang Iskor							

Pagkatapos gawin ang sumusunod:

1. Bilangin ang kahon na nilagyan mo ng tsek (✓) sa bawat hanay.
2. Ilipat ang nakuhang bilang ayon sa pagkakasunod nito sa talahanayan sa itaas at kahon ang may pinakamataas na iskor.

Realistic	Investigative	Artistic	Social	Enterprising	Conventional

Isulat dito ang pagkasunod-sunod ng hilig na may pinakamataas kang nakuhang iskor.

1. _____
2. _____
3. _____



Suriin


Panuto: Sa talahanayan, Isulat ang naging resulta ng iyong pagsusuri noong nasa Baitang 7 ka at ngayong nasa Baitang 9 ka na.

Mga Pansariling Salik	Resulta ng Pagsusuri Noong nasa Baitang 7	Resulta ng Pagsusuri Ngayong nasa Baitang 9
1. Talento		
2. Kakayahan		
3. Hilig		
Pasiya: (Kursong nais kuhanin)		
Batayan o Dahilan ng Pasiya (kung nagbago o hindi):		

Mga Tanong:

1. Ano ang napansin mo sa iyong mga kasagutan sa talahanayan sa itaas?
2. Ano-anong mga pagbabago sa talento, kakayahan, at hilig noong nasa Baitang 7 ka?
3. Nagbago ba ang track o kursong kukunin mo noong nasa Baitang 7 ka? Ipaliwanag.
4. Sa pagbabagong ito, nakaapekto ba ito sa track o kursong nais mong kuhanin sa Senior High School?
5. Gaano kahalagang malaman at maunawaan natin na may mga pagbabago sa ating talento, kakayahan at hilig?

Tunay na hindi ganoon kadali ang pumili at tumukoy ng mga pagbabagong naranasan noong ikaw ay nasa Baitang 7 na may kaugnayan sa talento, kakayahan, at hilig, ngunit dahil sa angking kalayaan sa pagpapasiya ay magagawa mo nang walang alinlangan ang mahahalagang bagay na ito sa buhay mo.



Pagyamanin

Panuto: Sundin ang sumusunod na panuto. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Sa bahaging ito ay tingnan natin sa mas malawak na pang-unawa ang pansariling salik na maaaring makaapekto sa iyong pagpapasiya.
2. Sa ikalawang kolum, isulat ang salitang “**opo**” kung ang salik ay nakaaapekto sa iyong pagpapasiya at “**hindi po**” kung ito ay hindi nakaaapekto.
3. Sa ikatlo at ikaapat na kolum ay ilagay ang mabuti o di-mabuting bunga kung pagbabatayan ang salik na ito sa iyong pagpapasiya.
4. Matapos masuri ang mabuti at hindi mabuting bunga nito, ilagay sa huling kolum ang iyong kabuuang pasiya kung gamitin mo bang batayan ang nasabing salik sa pagpili ng kurso o track at ipaliwanag kung bakit.

Halimbawa:

Mga Pansariling Salik	Nakakaapekto ba ito sa iyong pagpapasya? (Opo o Hindi po)	Ano ang maaaring maging Bunga kung pagbabatayan ko ito sa aking pagpapasiya?		Kabuuang pasya
		Mabuti	Hindi Mabuti	
Talento	Opo	Mas lalo kong mapauunlad ang aking talento dahil ang track o gusto ko ay konektado rito.	Wala akong nakikitang di-mabuting bunga ng pagpili ng track o kurso na konektado sa aking talento.	Gagamitin kong batayan ang salik na ito sa pagpili ng kurso dahil alam kong makakatulong ang aking talent upang mapaunlad ang aking sarili sa napiling kurso o track.

Ikaw naman,

Mga Pansariling Salik	Nakakaapekto ba ito sa iyong pagpapasya? (Opo o Hindi po)	Ano ang maaaring maging Bunga kung pagbabatayan ko ito sa aking pagpapasiya?		Kabuuang pasya
		Mabuti	Hindi Mabuti	
Talento				
Kakayahan				
Hilig				



Isaisip

Sa tulong ng talahanayan sa Pagyamanin, sagutan nang buong-husay ang mga katanungan sa ibaba. Isulat ang kasagutan sa iyong kwaderno.

1. Alin sa mga salik ang sa tingin mo ay makaaapekto sa iyong pagpapasiya?
2. May pagbabago ba sa iyong pasiya matapos malaman na ang mga pansarili na salik na nakaaapekto sa iyo? Ipaliwanang
3. Ano ang bagong nalaman mo sa iyong sarili? Paano ito makakatulong sa iyong pagpapasiya sa kukuning kurso o track?



Isagawa

Magsasaliksik sa Google <https://alaminnatin.com/article/mga-kursong-pagpipilian-ng-mga-kabataan/> ng mga kurso batay sa inyong talento, kakayahan o hilig na maaari nyong gabay sa pagpili ng inyong track para sa Senior High School. Ilista ang mga mahahalagang impormasyon ukol sa mga kursong inyong nasasaliksik at anong kaalaman ang pumukaw sa Iyo, Ihanay ito sa loob ng talahanayan:

Kursong Nasasaliksik	Mahalagang Impormasyon/mga Gawain	Kaalamang Pumukaw sa Iyo
Hal. Accountancy and Business-related Courses	Malaki ang potensyal sa pag-unlad sa Accounting dahil sa mataas ang pangangailangan ng mga negosyo at institusyon para sa mga accountant. Ang mga lisensyadong accountant ay karaniwang tumatanggap ng mga matataas na suweldo at magagandang benepisyo. Ang mga tapos naman sa mga business-related course ay maaaring gawing <i>manager</i> sa mga negosyo at ang iba ay nagiging <i>entrepreneur</i> .	Nagustuhan ko ito dahil sa malalaki ang kikitain ko at makatutulong din ito sa pag-unlad ng ating Ekonomiya.
1.		
2.		
3.		



Tayahin

Halina't ating sukatin ang iyong nakaimbak na kaalaman sa aralin. Subuking sagutin ang mga sumusunod na aytem para sa paunang pagtataya.

Panuto: Basahin ang bawat aytem at piliin ang angkop na sagot sa mga tanong/pahayag. Isulat lamang ang titik sa sagutang papel sa napili mong sagot.

- 1.) Sa teoryang Multiple Intelligences ni Dr. Howard Gardner (1983), ang lahat ng tao ay may angking likas na kakayahan, iba't iba ang talino o talento. Bilang na sa Baitang 9, ano ang pinakamahalagang gampanin na dapat mong gawin sa mga talino o talentong ipinagkaloob sa iyo na may kaugnayan sa pagpili mo ng nais na kurso sa pagtuntong mo sa Senior High School?
 - a. Pahalagahan at paunlarin
 - b. Pagtuunan ng pansin at palaguin
 - c. Paunlarin para sa sarili at ibahagi para sa kabutihang panlahat
 - d. Tuklasin at gamitin sa pagpapayaman mula sa tinapos na kurso

- 2.) Alin sa sumusunod na pansariling salik na dapat pagbatayan sa pagpili ng kurso na may kinalaman sa iyong kahusayan o galing sa isang bagay o tiyak na abilidad na maaari mong matuklasan mula sa pakikiharap sa mga taong nakakasalamuha, paglutas ng mga mahihirap na bagay, at pagbubuo ng masistemang paraan sa pagkuha ng datos?
 - a. Hilig
 - b. Pagpapahalaga
 - c. Kakayahan
 - d. Talento

- 3.) Bata pa lamang si Cecil ay may interes na sa pagbabasa ng mga Educational book, kasabay din nito ang pagguhit at minsang pagsusulat. Lalo niya itong napaunlad sa pagsali sa mga paligsahan sa loob at labas ng paaralan. Kaya sa pagdating ng pagpili ng kurso ay hindi siya nahirapan dahil alam na niya ang magiging linya ng kaniyang propesyon, ang maging Journalist. Alin sa mga sumusunod na pansariling salik ang naging daan upang makamit ni Cecil ang tagumpay ng kaniyang piniling hanapbuhay?
 - a. kakayahan
 - b. mithiin
 - c. hilig
 - d. pagpapahalaga

- 4.) Ano ang dapat na maging aksyon mo sa panahong ikaw ay naguguluhan pa sa mga pagpipiliang kurso para sa nalalapit na Senior High School?
 - a. Makinig sa mga gusto ng kaibigan
 - b. Huminto muna at sa susunod na taon na lamang mag-aral
 - c. Magbasa at maglaan ng panahon na makapag-isip at magplano
 - d. Humingi ng tulong sa mga taong malapit sa iyo at umasa sa kanilang desisyon

- 5.) Alam ni Diane ang kaniyang galing at husay pagdating sa Matematika. Ang kahusayan niya sa pagkalkula ay namana niya sa kaniyang ama. At ang kaniyang determinasyon at pagtitiyaga ay nakuha naman niya sa kaniyang ina. Apat na buwan bago ang kanilang pagtatapos sa *Junior High* (Baitang 10) ay mayroon na siyang ideya kung ano ang kaniyang pipiliing kurso. Suportado din siya ng kaniyang mga magulang lalo pa't bukas siya pagdating sa komunikasyon sa mga nais niyang kuning propesyon. Anong pansariling salik ang naging tuntungan niya sa pagpili ng kurso?
 - a. mithiin
 - b. pagpapahalaga
 - c. kasanayan
 - d. hilig

- 6.) Nakasanayan na ni Melchor ang pagsasaayos at pagsisinop sa mga kasangkapan at kagamitan sa bahay. Kaya naisip niya na mag-aaral ng kursong Engineering sa Unibersidad ng Dapitan. Anong pansariling salik ang isinaalang-alang ni Melchor sa kaniyang naging desisyon sa kursong kukunin sa kolehiyo?
 - a. katayuang pinansyal
 - b. pagpapahalaga
 - c. mithiin
 - d. kakayahan

- 7.) Sa Multiple Intelligences Survey form, matutukoy mo ang iyong talento at kakayahan. Alin sa sumusunod ang HINDI kabilang sa mga talino o intellegences?
 - a. Spatial
 - b. Existentialist
 - c. Auditory
 - d. Kinesthetic

- 8.) Alin sa mga sumusunod na paraan ang mainam gamitin upang tuklasin ang sariling talento dahil ito ay nakaangkla sa teorya ni Dr. Howard Gardner?
 - a. RIASEC
 - b. Tseklist ng mga Kasanayan
 - c. Pagsusuri ng Pagpapahalaga
 - d. Multiple Intelligences Survey Form

- 9.) Ang kakayahan ay isa sa pinakamahalagang salik sa pagpili ng track o kurso. Alin sa mga sumusunod ang HINDI kabilang sa Tseklist batay sa Uri ng Kakayahan.
 - a. Kakayahan sa Pakikiharap sa Tao
 - b. Kakayahan sa mga Datos
 - c. Kakayahan sa mga Bagay-bagay
 - d. Kakayahan sa mga solusyon sa problema

- 10.) Ang RIASEC ay isang paraan upang matukoy ang Hilig ng isang tao kung saan ang R ay Realistic, I ay Investigative, A ay Artistic, S ay Social, at E ay Enterprising, Ano naman ang kinakatawan ng titik C?
 - a. Conventional
 - b. Cooperation
 - c. Conference
 - d. Caring



Karagdagang Gawain

Panuto: Kumpletuhin ang teksto sa ibaba upang mabuo ang kaisipan nito. Pagkatapos na mabuo na ang nilalaman, palagi itong tandaan, isaisip at isapuso.

Matapos kong malaman ang angkin kong talento, kakayahan at hilig ay natamo ko sa aking isipan na

Naramdaman ko rin sa aking puso ang

Bilang paglalahat, sa tulong ng mga pagsusuring gawain ay nakikilala ko ang mga pagbabago sa aking talento, kakayahan at hilig na aking magagamit upang



Susi sa Pagwawasto

Tayahin

1. D
2. C
3. C
4. C
5. C
6. D
7. D
8. C
9. D
10. A

Subukin

1. C
2. D
3. C
4. C
5. D
6. C
7. D
8. C
9. A
10. D

Sanggunian

Gayola, Sheryl T., et al. 2015. *Edukasyon sa Pagpapakatao 9: Modyul Para sa Mag-aaral*. 5th Floor Mabini Bldg., DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600: FEP Printing Corporation.

“Mga Kursong Pagpipilian Ng Mga Kabataan.” *AlaminNatin.com*, alaminnatin.com/article/mga-kursong-pagpipilian-ng-mga-kabataan/.

“SlideShare.net.” *Www.slideshare.net*, www.slideshare.net/.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph